PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS
# BIGWAS
KANLURAN GITNANG LUZON
BAGONG HUKBONG BAYAN
Setyembre 2020

**Makatwiran at makatarungan ang pag-aarmas ng masang magsasaka at pambansang minoryang Ayta sa harap ng sukdulang pang-aapi at pagsasamantala ng rehimeng Duterte.**




Dahas at panlilinlang para sa ibayong pandarahas ang ginagamit ng estado sa pangangamkam ng lupa ng magsasaka.Nasa unahan ng pangangamkam ng lupa sa kabundukan ang mismong gubyerno. Malinaw ang pakahulugan ng pagdeklara sa kabundukan bilang "lupaing publiko" na ito ay lupaing pag-aari ng gubyerno at maaari nitong gamitin sa anumang paraan at kailanman nito naisin. Pagtanggi itong kilalanin ang karapatan ng pambansang minorya sa kanilang lupang ninuno at sa mga setler na matagal nang naninirahan at naglilinang ng lupa sa kabundukan. Sing aga pa lamang ng kilonyalistng Kano hanggang sa kasalukuyan ay naghahari-harian na ang mga dambuhalang korporasyong nagmimina na umangkin sa ekta-ektaryang lupain sa Zambales – Acoje sa Sta Cruz, Coto sa Masinloc, Buhawen sa San Marcelino at sandamukal pang mga korporasyon ng minahan na pinayagan ng rehimeng Duterte na magwasak at maglimas ng likas yaman ng kabundukan.

Ibayong paglalapastangan sa katutubong kultura at tradisyon ang pagtatakda ng estado ng mohon at hangganan sa lupang ninuno sa pamamagitan ng NCIP at DENR. Sa pamamagitan ng Certificate of Ancestral Domain Title (CADT) at Expanded National Greening Program. (E-NGP) ay ginawang lehitimong aktibidad ng estado ang pag-agaw sa malaking bahagi ng lupang ninuno para sa imperyalistang pandarambong. Kasalukuyang itinatayo ang Balog-Balog Dam sa Brgy. Maamot, San Jose at hinahanda na rin ang pagtatayo ng bagong dam sa Brgy. Labney, Mayantoc sa Tarlac —parehong para sa negosyong kuryente na magsisilbi sa mga sentrong komersyo ng dayuhang korporasyon gaya ng New Clark City, Hacienda Luisita Economic Zone at ang binabalak pang palawakin na Voice of America sa Concepcion. Naghahanap lang din ng tiyempo ang Aboitiz para

ipursige ang pagtatayo ng Geothermal Power Plant sa hangganan ng Botolan, San Marcelino, Zambales at Florida Blanca sa Pampanga. Kaya naman tadtad ngayon ng kalsada ang Zambales Mountain Range para sa mapangwasak at makadayuhang pagmimina; malakihang pagtotroso, access roads para sa konstruksyon ng mga proyektong Build, Build, Build, express way para sa turismo at pinakamabisang daanan para sa panghahalihaw sa kabundukan ng pasistang militar at dayong kasundaluhan. Kabi-kabila ang mga proyektong eko-turismo mula baybay-dagat, ilog, kalaharan hanggang kabundukan. Maging ang kabundukan na winasak ng pagmimina sa San Marcelino ay ipinamamahayag ng mga buhong na kapitalista na nakakabighaning tanawin.

Hinuhuli. Kinukulong. Kinakasuhang kriminal at magnanakaw. Tinatawag na terorista. Binabantaan. Binobomba. Pinapatay. Ito ang sinasapit ng mga naninindigan sa kanilang karapatan sa lupa. Lalong tumatalim ang pangil ng uring panginoong maylupa at malaking burgesya kumprador sa paghaharing militar ni Duterte sa buong bansa. Isinangkalan pa ang pandemyang COVID-19 para pwersahang ikandado ang mga ang mga demokratikong karapatan at kalayaang sibil sa anyo ng kwarantina.

Palpak. Inutil. Ang rehimeng Duterte ay walang seryosong intensyon na lutasin ang krisis sa kalusugan at krisis sa ekonomya ng bansa. Pagpatay sa mahihina at walang kakayahang magbayad ng serbisyong medikal ang pormula ng rehimen. Matira ang matibay. At habang naninikluhod sa imperyalistang Estados Unidos, Tsina at Rusya para sa ayudang medikal at bakuna ang hambog na presidente, nakaamba naman ang papatinding imperyalistang pang-aapi at pagsasamantala.

Sa Zambales Mountain Range kung saan nagdudugtong ang probinsya ng Bataan, Pampanga, Tarlac, Zambales at Kanlurang Pangasinan ay nagtagpo ang landas ng masang magsasaka at pambansang minoryang Ayta sapakikibaka para ipagtanggol ang lupa, para mabuhay. Lumaban o hindi, makibaka o hindi, walang masang anakpawis ang makakaligtas sa hagupit ng dahas ng estado. Kaya ano pa ang pinangangamba? Pinapatay ng estadong ito ang masang anakpawis sa gutom. Nililipol ang pambansang minorya. Makatwiran lamang ang mag-armas para mabuhay.

> Nananawagan ang Partido Komunista ng Pilipinas at Bagong Hukbong Bayan sa Gitnang Luzon na samahan ang pambansang minoryang Ayta sa dakilang krusada na ipagtanggol ang lupang ninuno.

Ang laban ng mga Aberling sa San Jose, Mayantoc, Bamban sa Tarlac; ng mga Ambala sa Subic, Castillejos at Olongapo; ng mga Mag-Indi sa Pampanga, Bataan at Timog Zambales; ng mga Mag-Antze sa Hilagang Zambales; at mga Zambal Botolan ay laban ng buong Ayta. Laban din ito ng mga setler, ng mga Igorot, mga Ka-Ilyen mula Hilagang Luzon na matagal nang namimirmihan sa Zambales Mountain Range. Ang pagtatanggol sa lupang ninuno ay pagtatanggol sa pambansang soberanya na nilalapastangan ng imperyalistang kapangyarihan. Pagtatanggol din ito sa pambansang patrimonya na sinasaid ng dayuhang pandarambong para sa kapitalistang tubo. Laban ito ng buong uring magsasaka!

Magiging epektibo lamang ang pag-aarmas ng mamamayan kung ito ay ipinapailalim sa tuwirang pamamatnugot ng Partido Komunista ng Pilipinas sa teoretikong gabay ng Marxismo-Leninismo-Maoismo.

Nangangahulugan ito ng pagpapalakas sa Bagong Hukbong Bayan, ang tipunan ng armadong lakas ng mamamayan at pangunahing instrumento ng PKP sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan. Nasa unahan naman ng armadong kilusang magsasaka ang Milisyang Bayan na binubuo ng mga lokal na magsasaka at mga Yunit Panangol sa Sarili na pinamumunuan ng mga Sangay ng Partido sa Lokalidad; at mga komite sa depensa ng mga rebolusyonaryong organisasyong masa. Hinihikayat ang mga demokratikong pwersa, mga aktibista, mga biktima ng paglabag sa karapatang tao, mga kabataan at mga rebolusyonaryong pwersa na sumampa sa Bagong Hukbong Bayan at tuwirang lumahok sa armadong pakikibaka.

**Mag-armas! Mag-armas! Mag-armas sa landas ng demokratikong rebolusyong bayan!**

# *Tagumpay! Kumperensya ng PKM at ROA*

MAG ARMAS AT TULOY TULOY NA BUNGKALIN ANG LUPANG NINUNO! Ito ang sinelyuhan  sa kumperensyaa ng Pambansang Katipunan ng Magbubukid nitong Setyembre sa isang komunidad ng Ayta sa Zambales Mountain Range.

Dinaluhan ng 40 delegado mula sa kulumpon ng mga baryo na laking subseksyon ang kumperensya na may temang MAG ARMAS! IPAGTANGGOL ANG LUPANG NINUNO. LABANAN ANG PAGSASAMANTALA AT PANG AAPI NG REHIMENG DUTERTE. Kalakhan ng delegado ay kasapian ng Rebolusyonaryong Organisasyong Ayta (ROA). Nilangkapan ang talakayan ng mga pangkulturang pagtatanghal na naghatid giliw sa masa.

Igiit ang karapatan sa lupa. Bawiin at muling bungkalin ang lupang inagaw ng DENR sa proyektong NGP. Susuportahan ito ng mga magsasaka sa kanugnog na baryo. Ilipat ang mapapakinabangang binhi sa mga uma at estratehikong lugar sa kondukta ng gera.  Anihin ang mga punongkahoy para sa pangangailangan ng komunidad.



Hindi kikilalanin ang CADT na pinamumudbod ng NCIP. Ikinukulong  nito ang masang Ayta sa makitid na lupain habang ipinapasakamay sa lokal at dayuhang mandarambong ang malawak na lupain.

Bilang tugon sa mapagsamantalang relasyon sa produksyon, oobligahin ang mga panginoong maylupa at mga komersyante na humingi ng pahintulot sa pamayanang Ayta bago magnegosyo sa lugar. Pagbayarin sila ng makatwirang buwis sa paggamit sa lupa. Oobligahin sila na upahan ang lakas paggawa ng kasamà at kanyang pamilya sa pagtatrabaho sa uma bago awasin ang gastos at maghatian sa ani. Babaguhin ang 50-50 na hatian sa ani pabor sa magsasaka. Babawasan rin ng  isa hanggang dalawang kilo ang itinakdang reseko sa mga halamang ugat na ibinebenta ng masa

"Walang ibang bubuhay sa mamamayan kundi ang lupang nililinang ng masang api". Sambit ng isang delegado na si Ka Bason. Higit na tumimo sa mamamayan ang pangangailangang magtanim para sa pangkain gaya ng palay mais, saging, kamote, tugi, gabi at iba pa, sa harap ng lumalalang krisis ng lipunan na pinalala pa ng pamdemyang COVID 19.

Nakahanda ang mga Ayta at magsasaka sa Zambales Mountain Range - -. sa mga probinsya ng Bataan, Pampanga, Zambales, Tarlac at Kankurang Pangasinan sa mga susunod na hakbang ng gubyerno sa pagpapaalis sa kanila. Lalo pa't nakaungaong ang mga proyekto ni Duterte para sa turismo, malalaking kalsada, dam at iba pang imprastraktura sa ilalim ng Build, Build, Build. Upang depensahan ang komunidad, pinaghahandaan na nila ang pagtutol sa itatayong detatsment na magbabantay sa mga proyektong ito. Aktibong pinapaliwanag sa mga katribu na walang sasapi sa CAFGU o SCAA. Itinataas ang alerto sa mga dayong pumapasok sa komunidad na maaaring paniktik ng militar para sirain ang kanilang pagkakaisa.

Tagumpay ang pagtitipong ito para pahigpitin pa ang pagkakaisa ng Partido, Hukbo at masa sa pagsusulong ng digmang bayan. Isa lamang ito sa maraming pagtitipon ng masa sa Zambales Mountain Range kaugnay sa pagsusulong ng armadong kilusang magsasaka. Higit sa anuman, mag-aarmas ang mamamayan para tindigan ang lupang ninuno. Bukal sa loob na nagpahayag ang mga delegado na mag-aalay ng lakas para sa armadong pakikibaka hanggang sa kanilang mga anak at apo na syang magmamana ng labang ito.



# *Hustisya sa mga biktima ng paglabag sa karapatang tao sa Lumibao!*

**Mariing kinukundena ng Bagong Hukbong Bayan - Gitnang Luzon ang naganap na pambobomba ng tropa ng 7th Infantry Division sa sityo Lumibao, Brgy. Buhawen, San Marcelino, Zambales noong ika-21 ng Agosto.**

Pinwersa ang masang Ayta na bumakwit sa Brgy. Aglao kung saan may detatsment ang militar. Nakabalik na ang mga masa sa Lumibao pero hanggang sa kasalukuyan ay gwardyado sila ng Philippine Air Force mula sa Basa Air Base sa Pampanga. Ito ay buhay na larawan ng paghaharing militar - - ng pagkontrol sa sibilyang populasyon at pagsupil sa kalayaan nilang kumilos sa sariling komunidad.

Hindi ito ang unang beses na binomba ng militar ang komunidad ng Ayta sa Zambales. Taong 2003 ng binomba ang sityo Baksil sa hangganan ng San Marcelino, San Felipe at Botolan. Taon 2010 naman ng binomba ang pook obrahan ng masang Ayta sa Brgy. Salaza, Palauig. Walang babala o abiso sa mga sibilyan. Wala ring pagbabayad danyos sa napinsalang buhay at kabuhayan ng masa.

Bakit binomba ang Lumibao? Ang Lumibao ay matatagpuan sa hangganan ng Florida Blanca, Pampanga, at San Marcelino, Zambales. Komunidad ito ng Aytang Mag-Indi. Matagal ng pinanggigilan ng reaksyunaryong gubyerno na masindak ang mamamayan ng Lumibao at

Ilang ulit binigo ng nagkakaisang Ayta ang pagtatangka ng Aboitiz na magsagawa ng explorasyon sa Bundok Negron at Bundok Cuadrado. Napigilan nila ang pagpasok ni Atty. Carlos, Roman King, at iba pang nag-aahente sa lupa para sukatin at ibenta ang lupang ninuno. Napigilan nila ang planong gawing Little Baguio ang sityo Labwan na komon na hanting erya ng mga Ayta ng Zambales at Pampanga. Aktibo rin nilang tinutulan ang Banana Plantation na sa pagkakaalam ng masa ay pag-aari ni Sara Duterte. At sa kabila ng mapanbulag na alok ng DMCI at Benguet Mines para lisanin nila ang 1,400 ektaryang inaangkin ng kumpanya ay matatag silang naninindigan sa lupang ninuno hanggang sa kasalukuyan. Ilang beses ding nagtangkang magtayo ng detatsment at magrekrut ng CAFGU sa lugar. Pero wala ni isang anak ng Lumibao ang nag-CAFGU at napigilan nila ang pagtatayo ng detatsment.

Todo depensa ang 7th ID sa ginawa nilang paglabag sa karapatang tao. Kabi-kabila ang kanilang paliwanag sa sosyal midya. Pero sa aktwal, ipinagmamayabang at pinapantakot pa ng tropa nito ang pagbomba sa iba pang komunidad ng Ayta sa Zambales, Pampanga at Tarlac.

Agad nagpaabot ng mensahe ng pakikipagkaisa ang iba't ibang pwersang demokrariko sa sinapit ng masa sa Lumibao.




**Nanawagan ang Rebolusyonaryong Organisasyong Ayta (ROA) na ibayong itaas ang bandila ng rebolusyonaryong paglaban ng masang Ayta. Higit na pahigpitin ang pagkakaisa at palakasin ang armadong paglaban para sa pagtatanggol sa lupang ninuno at paggiiit ng karapatan sa sariling pagpapasya.**
**Sumampa sa Bagong Hukbong Bayan! Lumahok sa digmang bayan! Sa ganitong paraan mabibigyan ng hustisya ang mga biktima ng pandarahas ng eatado.**

## *PASISTANG ATAKE NG DESPERADONG REHIMEN NI DUTERTE TUMITINDI SA KANLURANG GITNANG LUZON*

Nanggugulo at naghahasik ng terorismo ang pasistang militar sa Zambales Mountain Range. Ginagawang treyning grawnd ng tropa ng 3rd Mechanized Infantry Battalion, Special Action Force, Special Operations Wing ng Philippine Air Force at dayuhang kasundaluhan ang kalaharan, kailugan, uma at mismong pamayanan ng mga Ayta sa Kanluran Gitnang Luzon. .

Mayo, 2020. Iligal na inaresto at ikinulong si Darlene Jane Mon, residente ng sityo Mandaloy, Brgy. Taltal sa Masinloc. Ang alam ng magulang niya ay inimbitahan lang siya para kausapin sa kampo ng pulisya. Nagulat sila ng makita sa Facebook na arestado at ikinulong siya sa paratang na mataas na opisyal ng NPA.

Hunyo 10, 2020. Walang batayang hinuli at ikinulong ng magkasanib na armadong elemento ng DENR at SAF ang walong magsasaka sa sityo Pawo, Brgy. Pangolingan, Palauig. Kinuha ang kanilang mga kalabaw at itak. Sa parehong araw, ninakawan at sinunog ng mga armadong elemento ng DENR at SAF ang kubo ng mga hanter na kanilang nadaanan.

Mas maaga pa ay aabot sa mahigit 20 kalabaw ng mga magsasakang naghahanapbuhay sa kabundukan ng Palauig at Masinloc ang pwersahang kinuha ng SAF at DENR. Ibinibenta ng mga mandurugas na SAF at DENR ang mga kalabaw na hindi natutubos ng mga magsasaka.

Nagtatago sa ngalan ng operasyong tumutugis sa iligal na magkakahoy, ang pangyayaring ito ay bahagi lamang ng regular at malaganap na operasyong militar na isinasagawa sa ilalim ng Oplan Kapayapaan ni Duterte. Binawal nila ang pangangaso, pangunguha ng yantok at iba pang aktibidad para sa kabuhayan sa kabundukan.

Hinarang at pinaratangan namang tagadala ng pagkain ng NPA ang apat na hanter na residente ng Brgy. Sta Rita, Masinloc noong Hunyo 15. Nilitratuhan at binantaan sila ng 3rd Mech na nakabase sa Brgy. Bulawen, Palauig, sa pamumuno ni Lt. Capulong. Nang malamang kagawad ng barangay ang isa ay pinawalan sila matapos papirmahin sa kapirasong papel na nagsasabing hindi sila sinaktan ng militar.

Sa Botolan, sapilitang nirerekrut ng mga militar ang mga Ayta para mag-CAFGU at maging ahente sa paniktik. Ang mga tumatanggi ay pinagbabantaan, hina-harass at pinaparatangan na sumusuporta sa NPA.

. Mga naka-unipormeng COVID-19 front workers ang mga elemento ng 7ID na kumakausap at nag-aalok sa karaniwang sibilyan na pumaloob sa programang ECLIP para i-presentang mga pekeng surenderees.

Sa Brgy. San Jose, Tarlac, limang Ayta ang sapilitang napasuko sa mapanlinlang na pagpapapirma sa kanila ng NCIP sa inakala nilang pamimigay lamang ng relip. Binigyan sila ng isang sakong bigas at pinangakuan ng malaking halaga kapalit ng pagkakaroon nila ng rekord sa militar na mga "sumurender na NPA." Nangyari ito matapos idaos ng Aberling Tribal Association ang Aeta Day sa baryo na nilahukan ng Iglesia Filipina Independiente (IFI) at mga residente sa lugar nitong Agosto 14.